11. Ipinagbabawal ang pagtatago ng produktong petrolyo gaya ng LPG kung may napipintong pagtaas ng presyo o kakulangan sa supply;
12. Ang hindi pakikipagtulungan o pagpayag ng may-ari ng tindahan na ma-inspeksyon ng mga awtoridad ang mga itinitindang LPG ay isa ring paglabag sa batas.

Paano malalaman kung tama ang timbang ng LPG?

Makukuha ang tamang timbang ng LPG sa tangke sa pamamagitan ng pagtimbang ng tangkeng may laman. Ibawas ang bigat ng tangke kung ito ay walang laman (**tare weight).** Ang timbang ay dapat maging 11 kilograms. Hindi maaaring bawasan ang laman ng tangke ayon sa kagustuhan ng mga nagtitinda upang maibenta ito sa mas mababang presyo.

Ano ba ang maaaring kaparusahan na maaaring ipataw sa mga hindi tumutupad sa batas?

Ang hindi pagtupad sa batas ay may kaukulang multa ayon sa BP 33 at DC 2000-06-010 2007-02-002 gaya ng mga sumusunod:

- Multa na nagkakahalaga ng P10,000 sa bawat "violation" sa unang hindi pagtupad sa batas.
- Karagdagang P10,000 sa pangalawang paglabag sa batas.
- Kanselasyon o pagbawi ng Lisensya.

energy conservation

A consumer reminder from the

Department of Energy
Consumer Welfare and Promotion Office
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig City
Telefax: 840 -2267
Trunkline: 479-2900 local 329
Mobile No. 0917-5560759

OIL INDUSTRY MANAGEMENT BUREAU
DEPARTMENT OF ENERGY
4th Floor, PNOC Building 6
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, M.M.
Telephone: 840 -2130

You may also text in your suggestions, comments, queries and complaints.
Please type : DOE <space> <message>
and then send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

Check our website at:
www.doe.gov.ph

February 2009

Consumer Talk . . .

DEPARTMENT OF ENERGY

MGA PANGKARANIWANG TANONG AT SAGOT TUNGKOL SA LPG



Ano ang LPG?

Ang Liquified Petroleum Gas o LPG ay pinaghalong 60% Butane at 40% Propane. Ito ay maaring nagmula sa distilasyon (distillation) ng krudo sa proseso ng pagpino (refining) kahalintulad ng iba pang likwidong panggatong (liquid fuel) tulad ng gaas, gasolina at diesel.

Bakit ang presyo ng LPG ay hindi pare-pareho?

Kabilang sa pagpapatupad ng deregulasyon ng industriya ng langis sa Pilipinas (Republic Act No. 8479 of 1998) ay ang pag-aalis ng restriksyon sa pagtatakda ng presyo ng petrolyo, kabilang ang LPG. Dahil dito, ang presyo ng LPG sa mga tindahan ay maaaring hindi magkapare-pareho.

Maaaring ang mga “dealers” o “retailers” ay magkaka-iba ang presyo dahil mas malaki at iba-iba ang gastusin nito sa pagkuha ng kanilang produkto kung kaya kailangan nilang mabawi ang karagdagang gastos sa pamamagitan ng pag-adjust ng presyo.

Kasama ba ang presyo ng 50-kg LPG sa pagbaba o pagtaas ng presyo?

Ang presyo ng 50-kg LPG ay kasama rin sa pagtaas o pagbaba ng presyo sa pandaigdigang merkado. Ito ay karaniwang ginagamit sa “commercial business” kung kaya ang presyo nito ay naaayon sa kontrata o napagkasunduan ng “supplier” at ng “end user.”

Anu-ano ang mga patakaran ng Kagawaran ng Enerhiya ukol sa LPG?

1. Ang mga nais na magnegosyo ng LPG ay kailangang magsumite ng mga kaukulang permiso o dokumento sa Kagawaran ng Enerhiya na mangagaling sa iba’t-ibang ahensya ng pamahalaan bago magpatayo ng planta. Ito ay nakasaad sa Sections 5 & 7, Rule II, ng RA 8479 o “Notice/Reportorial Requirements. Upang higit na mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamimili at matiyak na ang mga ibinebentang LPG ay nagmumula lamang sa mga “authorized establishments,” minabuti ng kagawaran na i-require sa mga lokal na pamahalaan ang paghingi ng “DOE Certification” sa mga kumukuha ng Business Permit;
2. Ang mga tindahan ng LPG o planta ay kailangang magkaroon ng timbangan para masiguro ang tamang bigat o laman ng tangke;
3. Ang paglalagay ng karatula ng presyo ng produktong LPG sa tindahan para malaman ng mamimili kung magkano ang tinitindang LPG;
4. Ang paglalagay ng “Tare Weight Marking” ay kinakailangan sa lahat ng tangke ng LPG. Ito ang nagsasabi ng timbang o bigat ng tangke kapag wala itong laman at karaniwang nakapinta sa balikat nito;
5. Ang tangke ay dapat may pagkakakilanlan. Dapat malinaw na nakapinta sa katawan ng tangke ang tatak at pangalan ng LPG;
6. Ang bawat tangke ay dapat may Product Standard (PS) o International Commodity Clearance (ICC) markings. Ang PS ay para sa mga tangkeng dito ginawa sa ating bansa at ang ICC ay para sa mga inaangkat sa ibang bansa;
7. Kailangang orihinal ang selyo na ikakabit sa tangke at mayroong “marking” upang malaman kung saang planta nakargahan ng laman ang mga tangke;
8. Ipinagbabawal ang hindi pagkabit ng selyo sa tangke paglabas sa planta kung ito ay may laman na;
9. Ipinagbabawal din ang pagkumpuni, pagpinta at paglalagay ng marka ng tangke kung walang permiso sa may-ari nito.
10. Ipinagbabawal ang pagkakarga at ang pagsasalin ng laman ng tangke na hindi nila pagmamay-ari o walang permiso mula sa may-ari;